

Pagkatuto sa pamamagitan ng laro sa maagang yugto ng pagkabata

Ano ang laro? Likas na nasusumpungan ng mga bata ang laro at mahalaga ito sa kanilang pagkatuto at pag-unlad at sa saysay ng kanilang identidad. Maraming anyo ang laro, nagaganap sa iba-ibang kaligiran, sa loob at labas ng pasilidad, kasali ang isa o mahigit pang kalaro, puwedeng aktibo o pasibo, may natatanging kahulugan at halaga sa mga kasali sa laro, nakapagpapaisip at puwedeng may pakinabang at nakatutuwa.

“Ang laro ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga bata na matuto habang tumutuklas, lumilikha, kumakatha at naghihiraya. Nagagawa ng laro na maging kaenganyo ang kapaligiran upang ang mga bata ay magtanong, lumutas ng problema at sumabak sa kritikal na pag-iisip. Napalalawak ng laro ang pag-iisip ng mga bata at pinalalakas ang pagnanasang umalam at matuto.” (EYLF, 2009 p. 15)

Pinakita ng mga pag-aaral sa buong mundo na ang mga bata ay natututo at umuunlad habang kasali sila sa makabuluhang larong batay sa mga karanasan.

Ang mga edukador na kaagapay ng mga bata sa maagang yugto gaya ng; Kindergarten, Pag-aalaga sa bata (Childcare), Arawang Pag-aalaga sa Pamilya (Family Day Care), at Pag-aalaga sa Labas ng Oras ng Eskwela (Outside School Hours Care), ay naghanda ng isang programang sasagot sa indibidwal na mga interes at



pangangailangan ng bawat bata. Sinasagawa ito ng mga edukador sa pamamagitan ng pagtataguyod ng malawak na hanay ng larong nakabatay sa mga karanasan sa isang bukás na larangan ng pagkatuto, kung saan ang mga bata ay malayang kumikilos sa loob at labas ng pasilidad.

Sa pangkalahatan, gumagamit ng iba-ibang mga estratehiya sa pagtuturo ang mga edukador para alalayan lahat ng mga batang magkaroon ng pagmamahal sa pag-aaral, maging mausisa, matanong at maging interesado sa mundo nila at sa mga taong makakasalamuha nila. Sa pamamagitan ng laro napapagana ng kabataan ang hiraya, pagkukunwari, paglikha, paggalugad, pag-iimbestiga, pakikipag-usap, pagtatanong, pananalita, pakikinig, pag-iisip, pagdama, pagsalat at pag-amoy. Kabilang din sa laro ang pakikipagnegosasyon, paglutas ng problema, pagsabak sa risiko, pagsubok ng mga bagong bagay, pagmasid kung paano gumagana ang mga bagay. Matututunan nila ang tungkol sa kanilang mga sarili at mga kalaro ganundin ang mga panuto ng laro, pakikipagkaibigan, pagpapaunlad ng mga ugnayan at tiwala sa mga taong kasalamuha nila, mga edukador at ibang bata. Ang laro ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga bata para magbunyi, magkamit, mabigo, magtagumpay, magkamali, makapag-ensayo, subukin ang bagong impormasyon o mga kasanayan, bumuo ng opinyon at maging bihasa sa mga bagong kasanayan at kaalaman.

Ang panloob at panlabas (ng pasilidad) na mga karanasan sa larong hinanda ng

mga edukador na inaasahan mong makita ay ang mga sumusunod: pagguhit, paggugupit at pagdidikit, paggamit ng resikladong materyales, pagtatayo ng mga bloke, pang-konstruksiyon na mga laruan, palaisipang jigsaw, larong makalat, pagpipintang gamit ang mga daliri, paghuhukay sa lublubang putik, lutu-lutuan sa sandpit, laruang dough at clay, pagsali sa mga palaro, dulaan, pagsusuot ng mga kostyum, mga papet, pagpipinta, pagmamartilyo, sayawan, kantahan, akyatan, lundagan, takbuan, luksong-lubid, pakikinig ng mga kuwento sa Ingles at iba pang wika, pagsasalaysay ng kuwento, mahirayang paglalaro, pagbabasa ng mga aklat, larong-tubig, paghahalaman at marami pang iba.

Mahalaga ang laro sa lahat ng bata, nakatutulong ito upang maunawaan nila ang kanilang mundo at ipagpatuloy ang pagbubuo ng isang matatag na identidad. Minsan ay mag-isa silang naglalaro, may isa o dalawang kalaro at sa maliit o malaking grupo ng mga bata. Maaaring maingay o tahimik, pasibo o aktibo ang laro.

Ang laro ay nagtataguyod ng pagkakataon para bumulas ang pangangatawan na siyang nagbubunsod ng tiwala ng mga bata sa kanilang sarili, nagpapalakas ng malalaki at maliliit na masel at umaagapay sa pagpapaunlad ng kanilang koordinasyon.

Ginagamit ng mga bata ang hiraya nila para magsadula ng kung anong napagmasdan, halimbawa – nagkukunwang naghahain o nag-aalaga ng sanggol;

bilang bombero, isang doktor, o katiwala sa tindahan. Nakatutulong ito para matutunan nilang unawain ang iba-ibang papel na ginagampanan ng mga tao sa komunidad.

Ang pormal na pagtuturo at instruksiyon ng kaalaman at kasanayan sa mga bata bago pa sila maging handa ay maaaring humantong sa pagkawala ng tiwala sa sarili, pag-urong, di katanggap-tanggap na ugali o pakiramdam ng kabiguan. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng laro ay nagpapahintulot sa mga bata na matuto nang kusa at magtamo ng tiwala sa sarili, kaalaman at kasanayang kailangan para tangkain ang mas masalimuot na mga konsepto at gawain.

Kapag lumipat ang mga bata mula sa kaligiran ng maagang yugto tungo sa primaryang paaralan, unti-unti silang uusad mula sa pagkatutong nakabatay sa laro tungo sa isang mas pormal na paraan ng pagkatuto.

Ang mga edukador sa kaligiran ng maagang yugto ng kabataan ay gumagamit ng maraming paraan sa pagtuturo. May ilang mga nakatuong aktibidad sa serbisyong pinapasukan ng ating anak, na magiging mas pormal, gaya ng musika, mga kuwento at talakayan. Para sa malaking bahagi ng laang araw, ang mga bata mismo ang magpapasya kung saan sila maglalaro, kung sino ang makakalaro nila, at kung gaano katagal ang gugugulin nila sa isang partikular na aktibidad ng laro. Aalalay at gagabay ang mga edukador kapag kailangan ng tulong ng mga bata.

Kahit saan magpasyang maglaro ang mga bata, mayroong mga panuto para tulungan silang matutunan ang mga ugaling katanggap-tanggap sa iba. Nakatutulong ang mga panuto para maging ligtas ang mga bata, para pangalagaan ang kagamitan at itaguyod ang pagiging parehas at pagkakapantay-pantay. Halimbawa, maaaring gumawa ng panuto ang mga bata habang naghihintay nang kanilang toka sa pagsakay sa swing. Ang pagpapahintulot sa mga bata na makasama sa paggawa ng mga panuto ay makapagpapalago ng kasanayan nilang mag-isip at lumutas ng problema, kasanayan sa komunikasyon at pakikisalamuha at maging ang kasanayan nila sa pagbilang, pagbasa at pagsulat. Kailangang maging payak lamang hanggat maari ang mga panuto at angkop sa edad ng kabataan at yugto ng pag-unlad para maunawaan nila ang silbi nito.

Sa kanilang laro, magagamit ng mga bata ang taglay na nilang kaalaman at mga ideya upang makabuo ng bago at mga interesanteng kaalaman. Halimbawa, kapag ang tubig ay ibinuhos sa tuyong buhangin, sisipsipin ito hanggat makakaya ng buhangin, ang sobrang tubig ay lilikha ng lam-aw. Maitataya ng mga bata kung ilang lalagyan ng tubig ang kailangan para makabuo ng lam-aw. Hahantong ito sa mas mahalagang pagkatuto kasama na ang pagtuklas ng mga katunayang siyentipiko at pangmatematika.

Kung pagmamasdan natin ang mga batang naglalaro, mapapansin natin na lagi silang alisto, pinagagana ang bisyon, pandinig, pagsalat at minsan ay panlasa para matuto ng tungkol sa daigdig.

Maaaring ulit-ulitin ng mga bata ang ilang aktibidad, sumabak sa risiko, matuto at hasain ang mga kasanayan, gaya ng pag-akyat nang mag-isa sa mataas ng lugar o kabisaduhin ang palaisipang jigsaw, suutan ng damit o ng pangpintang damit ang mga sarili nila, magbalanse sa makipot na beam, paggamit ng gunting ng walang gabay, sumakay o paugyung mag-isa ang swing. Gaano man kalaki o kaliit ang mga natamo ay kapakipakinabang sa kanila, sa mga pamilya at para sa mga edukador na umaalalay sa pagkatuto nila.

Ang laro ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa bata para magsalita at magtanong, magpaunlad at magsanay ng bokabularyo at wika, pagbasa, pagsulat, pagbilang at kasayanan sa pakikisalamuha. Sa pamamagitan ng laro, ang mga bata ay natututo kung paano makipagtalastasan at makipag-ugnayan sa kapwa.



Incorporating Multicultural Resource Centre

Ground Floor, 9-11 Stewart Street, Richmond, 3121
tel: +61 3 9428 4471 fax: +61 3 9429 9252
email: fkacs@fka.org.au web: www.fka.org.au
FKA Children's Services Inc. 215663278505573

